Republic of the Philippines
Department of Education
CARAGA REGION

DEPARTMENT OF EDUCATION
RECORDS UNIT, REGIONAL OFFICE-CARAGA
RELEASED
AUGUST 1 2025
BY: NMB TIME: 2:41 PM

AUGUST 1 2025

MEMORANDUM PANREHIYON
No. 0787 , s. 2025

Sa mga: Pansangay na Tagapamanihala ng mga Paaralan
Lahat ng Kinauukulan

PAGDIRIWANG NG BUWAN NG WIKANG PAMBANSA 2025

1. Bilang pakikiisa sa taunang pagdiriwang ng Buwan ng Wikang Pambansa, ang lahat ng pampublikong paaralan sa rehiyon ay inaanyayahang magsagawa ng mga gawaing nagtatampok sa kahalagahan ng wikang Filipino at mga katutubong wika bilang salamin ng ating kasaysayan, kultura, at pagkakakilanlan bilang isang bansa.

2. Ang layunin ng pagdiriwang na ito ay mapalalim ang pagpapahalaga sa wikang Filipino at mga katutubong wika bilang mahalagang bahagi ng pambansang pagkakakilanlan at pagkakaisa. Isasagawa ito sa buong buwan ng Agosto 2025 na may temang **"Paglinang sa Filipino at Katutubong Wika: Makasaysayan sa Pagkakaisa ng Bansa."**

3. Ang mga inaasahang gawain ay maaaring lingguhan o naayon sa preperensya ng bawat paaralan. Narito ang ilang mungkahi:
   a. pagsasagawa ng mga paligsahan tulad ng sabayang pagbigkas, tula, sanaysay, at poster-making;
   b. paglalathala ng mga sulatin sa Filipino at katutubong wika;
   c. pagkakaroon ng seminar o talakayan tungkol sa kasaysayan ng wikang pambansa at mga katutubong wika; at
   d. pagtatanghal ng mga kulturang Pilipino sa pamamagitan ng sayaw, awit, at dula.

4. Kalakip din ng Memorandum na ito ang opisyal na poster ng pagdiriwang ng BNWP 2025 na maaari i-download mula sa https://bit.ly/4mhUMxb.

5. Upang maisakatuparan ang layunin ng pagdiriwang at bilang kabahagi ng pagpupunyagi, ang rehiyon sa pamamagitan ng Sangay sa Kurikulum at Pamamahalang Pampagkatuto (CLMD) ay naghahanay ng mga patimpalak kaugnay sa pagdiriwang na ipapalabas sa hiwalay na Memorandum kasama ang mga pamantayan at iba pang detalye ng timpalak.

6. Gayundin, hinihikayat ang bawat sangay na maglatag ng mga gawaing naaayon sa preperensya ng nasasakupan. Inaasahan ang pagsusumite ng isang naratibong ulat sa loob ng dalawang linggo matapos ang pagdiriwang na maaaring i-upload sa link na nasa taas.

7. Maaaring gumamit ng pondong lokal kung mayroon at pahihintulutan alinsunod sa tuntunin ng pamahalaan sa wastong pagtutuos at pag-aawdit.

8. Para sa iba pang detalye at impormasyon, maaaring makipag-ugnayan sa Tanggapan ng Sangay sa Kurikulum at Pamamahalang Pampagkatuto (CLMD) sa pamamagitan ni **Maria Consuelo C. Jamera**, tagapag-ugnay panrehiyon sa Filipino, sa mariaconsuelo.jamera@deped.gov.ph.

9. Maaga at malawakang pagpapalaganap sa Memorandum na ito ay inaasahan.

**MARIA INES C. ASUNCION**
Director IV
Direktor ng Rehiyon


Mga Kalakip: Tulad ng Nabanggit
Sanggunian: Proklamasyon Blg. 1041 s. 1997
Ilalagay sa Palagiang Palatuntunan
sa ilalim ng mga sumusunod na paksa:

CELEBRATION CURRICULUM FILIPINO

CLMD/mcj
07/28/2025

Kalakip sa RM No. 0787, s. 2025

Opisyal na Poster sa Pagdiriwang ng Buwan ng Wikang Pambansa 2025




**Address:** J.P. Rosales Avenue, Butuan City
**Trunkline No:** (085) 225-1151
**Telefax No:** (085) 342-5959
**Email:** caraga@deped.gov.ph
**Website:** caraga.deped.gov.ph

Certificate No. PHP QMS 24 93 0191